

Mga Pamantayan ng  
Panlahatang Kaalaman  
sa  
K-8 ng California  
Handbuk para sa  
mga Magulang

**TAGALOG** VERSION



Samahan ng mga Tagapamahala ng  
Serbisyong Pang-edukasyon ng County ng California

© 2013 Samahan ng mga Tagapamahala ng mga Serbisyong Pang-edukasyon ng County ng California

Ang Pinansyal na Suporta ay Ibinigay ng  
The William and Flora Hewlett Foundation

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education, CDE) ay nagpapaabot ng pasasalamat at pagpapahalaga sa Samahan ng mga Tagapamahala ng mga Serbisyong Pang-edukasyon ng County ng California (California County Superintendents Educational Services Association, CCSESA) at Tanggapan ng Edukasyon ng County ng Sacramento (Sacramento County Office of Education, SCOE) para sa kanilang magiliw na pagpayag na isalin ang dokumentong ito.

Ang salin na ito ay ibinibigay bilang isang paraan ng tulong-teknikal sa mga paaralan, upang maaaring magamit ng mga guro ang handbuk sa panahon ng mga pulong kasama ng magulang at sa mga programang outreach ng mga magulang. Dahil maaaring may mga pagkakaiba sa salin, iminumungkahi ng CDE na ang paaralan ay makipagtulungan sa mga lokal na tagapagsalin upang baguhin ang dokumento, ayon sa kinakailangan, upang maiangkop sa lokal na mga pangangailangan. Ang mga katanungan ukol sa salin ay dapat na idirekta sa Clearinghouse for Multilingual Documents sa [cmd@cde.ca.gov](mailto:cmd@cde.ca.gov).

Inihanda Ng:

**Sacramento**  
Office of Education **County**

Mga kontribusyon mula kina Patricia Duckhorn, Tamara Wilson, Fran Gibson, Kathy Curl, Sue Stickel, PTA ng Estado ng California at Tanggapan ng Edukasyon ng County ng Ventura

# Mga Nilalaman

Panimula .....	4
----------------	---

## Matematika

Matematika – Mga Pamantayan para sa Kasanayan sa Matematika .....	6
Pangkalahatang Balangkas ng Baitang K .....	8
Pangkalahatang Balangkas ng Unang Baitang .....	10
Pangkalahatang Balangkas ng Ika-2 Baitang .....	12
Pangkalahatang Balangkas ng Ika-3 Baitang .....	14
Pangkalahatang Balangkas ng Ika-4 na Baitang .....	16
Pangkalahatang Balangkas ng Ika-5 Baitang .....	18
Pangkalahatang Balangkas ng Ika-6 na Baitang .....	20
Pangkalahatang Balangkas ng Ika-7 Baitang .....	22
Pangkalahatang Balangkas ng Ika-8 Baitang .....	24

## Sining ng Wikang Ingles

Pangkalahatang Balangkas ng Baitang K .....	26
Pangkalahatang Balangkas ng Unang Baitang .....	28
Pangkalahatang Balangkas ng Ika-2 Baitang .....	29
Pangkalahatang Balangkas ng Ika-3 Baitang .....	30
Pangkalahatang Balangkas ng Ika-4 na Baitang .....	31
Pangkalahatang Balangkas ng Ika-5 Baitang .....	32
Pangkalahatang Balangkas ng Ika-6 na Baitang .....	33
Pangkalahatang Balangkas ng Ika-7 Baitang .....	34
Pangkalahatang Balangkas ng Ika-8 Baitang .....	35

## **Panimula**

Ang handbuk na ito ay magbibigay sa mga magulang ng panimula sa Mga Pamantayan ng Panlahatang Kaalaman ng California at ng isang buod sa kung ano ang inaasahan na matutunan ng mga estudyante habang sila ay sumusulong mula kindergarten hanggang ika-8 baitang. Ang mga pamantayan ay binuo upang ipakita ang kaalaman at mga kasanayan na kakailanganin ng ating mga batang estudyante para magtagumpay sa kolehiyo at sa mga karera. Ang isang karaniwang pangkat ng mga layuning pampagkatuto ay makakatulong sa mga guro at mga magulang na masiguro na ang mga estudyante ay nahahamon at nakakagawa ng angkop na pagsulong.

### **Bakit Mga Pamantayan ng Panlahatang Kaalaman?**

Ang mga tagapagturo ng California ay sumali sa isang pambansang kilusan upang mapagtibay ang mga panlahatang pamantayan at pagtatasa para sa sining ng wikang Ingles at matematika. Sa kasalukuyan, ang mga pamantayan sa kung ano ang dapat na malaman at kayang gawin ng mga estudyante ay iba-iba sa mga estado, tulad din ng kahirapan ng mga pagtatasang ginagamit upang malaman kung nakakamit ba o hindi ng mga estudyante ang mga pamantayang ito. Ang mga panlahatang pamantayan ay magbibigay ng pagkakataon sa mga estado na magtulungan para sa pinakamahusay na mga kasanayan at propesyunal na pagsulong.

Ang mga panlahatang layuning pampagkatuto ay magbibigay ng malinaw na pananaw sa kung ano ang dapat na tutukan ng mga tagapagturo at mga magulang sa lahat ng estado. Ang mga layuning pampagkatuto na ito ay sisiguro na ang mga estudyante ay makakamit ang mga inaasahan para sa kolehiyo at sa trabaho, handang magtagumpay sa pandaigdigang ekonomiya at lipunan, at nabigyan ng mahigpit na kaalaman at aplikasyon ng pag-iisip ng mas mataas na kaalaman. Isinukat laban sa mga pandaigdig na pamantayan, ang mga Pamantayan ng Panlahatang Kaalaman ay makakatulong sa mga estudyante sa kanilang paghahanda na kumpletuhin ang mga kinakailangan para sa pagpapatala sa isang pampublikong unibersidad sa California.

### **Pagpapatibay ng California sa Mga Pamantayan ng Panlahatang Kaalaman**

Pinagtibay noong Agosto 2010 sa California, ang Mga Pamantayan ng Estado sa Panlahatang Kaalaman para sa K-12 ay binuo sa pamamagitan ng pagsisikap sa pangunguna ng estado upang magpatibay ng kasang-ayon at malinaw na mga pamantayan ng edukasyon para sa sining ng wikang Ingles at matematika. Ang inisyatiba ay sinimulan at sinuportahan ng Konseho ng mga Punong Opisyal ng mga Paaralan ng Estado at ng Pambansang Samahan ng mga Gobernador. Sa proseso ng pagpapatibay ng Mga Pamantayan sa Panlahatang Kaalaman, ang California ay nagdagdag ng mga pansuportang pamantayan upang kumpletuhin ang natatanging larawan na kinakailangan para sa mga estudyante ng California.

Ang Panlahatang Kaalaman ay nagdagdag din ng lakas sa umiiral na mga pamantayan ng California sa pamamagitan ng pagsama ng karagdagang mga pamantayan para sa bokabularyo at bagong mga pamantayan para sa mga pagtutulungang pagtatalakay. Ang mga pamantayan ng literasiya na nakatuon sa pagtuturo sa pagbasa at pagsulat sa panahon ng kasaysayan/mga araling panlipunan, agham, at teknolohiya ay isinama rin. Sa matematika, ang mga pamantayan ay idinagdag upang ipakita ang mas malakas na diin sa pang-unawa sa numero at algebraic na pag-iisip. Ang mga pagpapatupad ng Panlahatang Kaalaman sa mga paaralan sa California ay gagawin sa mga yugto sa susunod na mga taon.

### **Organisasyon ng mga Pamantayan**

Ang handbuk na ito ay nagsaayos ng impormasyon tungkol sa mga pamantayan para sa sining ng wikang Ingles at matematika para sa bawat antas ng baitang o kurso ng asignatura mula kindergarten hanggang ika-8 baitang. Bawat antas ng baitang ay may nilalaman na pangkalahatang ideya at buod ng mga kasanayan na nabuo sa antas na iyon. Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa ika-9 hanggang ika-12 baitang ay ibibigay sa mas malaon na petsa.

Sa sining ng wikang Ingles, ang Mga Pamantayan ng Panlahatang Kaalaman ay naisaayos sa sumusunod na apat na mga grupo: (1) pagbasa, (2) pagsulat, (3) pagsasalita at pakikinig, at (4) wika.

Bukod sa pagbabalangkas ng mga pamantayan ng kaalaman sa matematika ayon sa antas ng baitang o kurso, kabilang sa handbuk na ito ang isang pangkat ng mga asal at kasanayan na dapat magawa ng bawat estudyante na tinatawag na Ang mga Pamantayan para sa Mga Kasanayan na Pang-matematika. Ang mga kasanayan na ito ay nagpapalalim sa pang-unawa sa matematika at makakadagdag sa kakayahan ng estudyante sa paglutas ng mga suliranin. Ang impormasyon ukol sa mga kasanayan na ito ay makikita sa susunod na pahina.

## **Matematika | Mga Pamantayan para sa Kasanayan na Pang-matematika**

Ang mga Pamantayan para sa Kasanayan na Pang-matematika ay naglalarawan sa mga asal na mabubuo sa lahat ng estudyante sa Mga Pamantayan ng Panlahatang Kaalaman. Ang mga kasanayang ito ay ayon sa mahahalagang “mga proseso at kahusayan” kabilang ang paglutas ng suliranin, pangangatwiran at patunay, komunikasyon, representasyon, at paggawa ng ugnayan. Ang mga kasanayan na ito ay magbibigay-daan sa mga estudyante na maunawaan at magamit ang matematika nang may kumpyansa.

- Inuunawa ang mga suliranin at nagsisigasi sa pagsagot sa mga ito.
  - Hinahanap ang kahulugan sa mga suliranin
  - Inaanalisa, hinuhulaan at pinaplano ang mga hakbang para sa solusyon
  - Pinapatunayan ang mga sagot
  - Tinatanong ang kanilang sarili nang: “May saysay ba ito?”
  
- Nangatwiran sa abstrak na paraan at ayon sa dami.
  - Binibigyang kahulugan ang dami at ang kanilang kaugnayan sa mga suliranin
  - Bumubuo ng maliwanag na mga representasyon sa mga suliranin
  
- Bumubuo ng may saysay na mga argumento at pumupuna sa pangangatwiran ng iba.
  - Umuunawa at gumagamit ng mga impormasyon upang makabuo ng mga argumento
  - Gumagawa at sumisiyasat sa katotohanan ng mga haka-haka
  - Nagbibigay-katwiran sa mga konklusyon at sumasagot sa mga argumento ng iba
  
- Ginagawang huwaran ang matematika.
  - Inilalapat ang matematika sa mga suliranin sa araw-araw na pamumuhay
  - Inaalam ang dami sa praktikal na sitwasyon
  - Binibigyang kahulugan ang mga resulta sa konteksto ng sitwasyon at inaalam kung ang mga resulta ay may saysay o wala

- Gumagamit ng angkop na mga kagamitan sa estratehikong paraan
  - Isinaalang-alang ang mga kagamitan na magagamit kapag nilulutas ang mga suliranin
  - Pamilyar sa mga kagamitan na angkop sa kanilang baitang o kurso (lapis at papel, konkretong mga modelo, ruler, protractor, calculator, talahanayan, mga programa sa computer, digital na nilalaman na nasa isang website, at iba pang mga teknolohikal na kagamitan)
  
- Nagiging wasto.
  - Nakikipag-ugnayan nang wasto sa iba
  - Gumagamit ng malinaw na mga depinisyon, sinasabi ang kahulugan ng mga simbolo at maingat ukol sa pagtukoy sa mga yunit ng pagsukat at paglalagay ng tatak sa mga axes.
  - Nagkukwenta nang tama at may kasanayan
  
- Naghahanap at gumagamit ng balangkas.
  - Inuunawa ang mga huwaran at balangkas
  - Kayang umatras upang makita ang pangkalahatang balangkas at nagpapalit ng perspektibo
  - Nakakakita ng mga kumplikadong bagay bilang iisang bagay o bilang binubuo ng ilang mga bagay
  
- Naghahanap ng at tumutukoy sa mga paraan upang gumawa ng mga pagpapaikli sa paglutas ng mga suliranin.
  - Kapag nauulit ang mga kalkulasyon, naghahanap ng mga pangkalahatang, huwaran at pagpapaikli
  - Nagagawang tasahin kung ang sagot ay may saysay o wala

## Pangkalahatang Balangkas ng Baitang K | Matematika


Ang mga estudyante ng kindergarten ay natututo na magbilang hanggang 100 at magsulat ng numero hanggang 20. Ang atensyon ay nakatuon sa mga numerong 11-20 kung saan ang diin ay nasa mga sampuan at isahan na bumubuo ng pundasyon para sa pag-unawa sa halaga ayon sa pwesto. Ang panimulang pagdadagdag at pagbabawas ay nagsisimula sa kindergarten. Ang mga estudyante ay nagbubukod at nag-uuri ng mga grupo ng bagay at kumikilala sa mga pangunahing hugis.

- Nakakaalam sa pangalan ng mga numero at kayang bumilang hanggang 100
- Nakakasulat ng numero 0 – 20
- Natututo tungkol sa mga numerong 11-20, na may mga sampuan at isahan
- Nagbibilang ng mga bagay upang masabi ang bilang ng mga bagay sa grupo hanggang 20
- Nagkukumpara ng mga numero at grupo




Aling grupo ang mas marami? Aling grupo ang mas kaunti?  
Ang mga grupong ito ba ay magkapantay?

- Nakakaunawa na ang pagdadagdag ay ang pagsasama-sama ng mga grupo at pagdadagdag sa mga grupo
- Nakakaunawa na ang pagbabawas ay ang paghiwa-hiwalay ng mga grupo at pagkuha mula sa grupo
- Mahusay na nagdadagdag at nagbabawas ng hindi hihigit sa 5
- Nagbubukod ng mga bagay upang i-grupo







- Nakakakilala at naglalarawan ng mga hugis



(a)



(b)



(c)



(d)

Ilang mga gilid at “kanto” mayroon ang mga hugis na ito?


Anong hugis ang may magkapantay na haba ng gilid?

## Pangkalahatang Balangkas ng Unang Baitang | Matematika

Ang mga estudyante sa unang baitang ay nagpapalawig ng kanilang pang-unawa sa pagdadagdag at pagbabawas sa pamamagitan ng pag-aaral na gamitin ang pagdadagdag at pagbabawas upang lutasin ang mga salitang suliranin ng hindi hihigit sa 20. Nauunawaan nila ang kahulugan ng simbolong pantay (equal) at inaasahan na makakapagbilang hanggang 120. Ang kaalaman sa halaga ayon sa pwesto ay mas lumalim at ginagamit ng mga estudyanteang kaalamang ito upang magkumpara ng dalawang-digit na numero ng hindi hihigit sa 100. Sinasanay ng mga estudyante ang kanilang kasanayan sa pagsukat sa linyar na sukat at nagsisimulang magsaayos ng mga datos mula sa mga pagsisiyasat. Ang mga estudyante ay nakakapagsabi at nakakapagsulat din ng oras ayon sa oras at kalahating-oras gamit ang mga orasang analog at digital.

- Lumulutas ng mga salitang suliran sa pagdadagdag at pagbabawas ng hindi hihigit sa 20
- Nakakaunawa sa ugnayan sa pagitan ng pagdadagdag at pagbabawas
- Inilalapat ang mga katangian ng mga operasyon
  - Katangiang Napapagpalit (commutative) ng pagdadagdag:  
Kung alam mo na ang  $8 + 3 = 11$ , alam mo na  $3 + 8 = 11$ .
  - Nag-uugnay (Associative) na katangian ng pagdadagdag:  
Upang magdagdag ng  $2 + 6 + 4$ , ang susunod na dalawang numero ay maaaring pagsamahin upang makagawa ng sampu, kaya  $2 + 6 + 4 = 2 + 10 = 12$ .
- Nagdadagdag at nagbabawas ng hindi hihigit sa 20
- Nagbibilang ng hanggang 120, na makapagsisimula sa kahit anong numero
- Nakakaunawa sa kahulugan ng pantay na simbolo
- Nakakaunawa sa halaga ayon sa pwesto: isahan at sampuan
- Gumagamit ng halaga ayon sa pwesto upang magdagdag at magbawas ng hindi hihigit sa 100
- Sumusukat sa haba at sinasabi ang sukat gamit ang mga yunit
- Nagsasabi at nagsusulat ng oras

- Nagbubuo at nagsasalita tungkol sa grap




Ano ang pinaka-popular na kulay ng payong?  
Ano ang pinaka-hindi popular na kulay ng  
payong?

- Nagkukumpara ng mga hugis sa pamamagitan ng pagsasabi tungkol sa mga gilid, tuktok, atbp.
- Nagkukumpara ng dalawang-dimensyunal na mga hugis sa tatlong-dimensyunal na mga hugis

## Pangkalahatang Balangkas ng Ika-2 Baitang | Matematika

Ang mga estudyante sa ikalawang baitang ay gumagamit ng pagdadagdag at pagbabawas ng hindi hihigit sa 100 upang lumutas ng mga salitang suliranin at inaasahan na alam mula sa alaala ang lahat ng mga suma ng dalawang isang-digit na mga numero sa pagtatapos ng ikalawang baitang. Ang pag-unawa sa halaga ayon sa pwesto ay napalawak hanggang sa 1000 at ang mga estudyante ay nakakapagkumpara ng tatlong-digit na mga numero batay sa kanilang kaalaman ng daan-daan, sampuan at isahan. Ang mga estudyante ng ikalawang baitang ay nagkukwenta gamit ang pera at natututong magtanya at magkumpara ng mga haba gamit ang angkop na kagamitang panukat. Pinapahusay ng mga nasa ikalawang baitang ang kanilang pang-unawa sa heometrya sa pamamagitan ng pagguhit ng mga hugis batay sa bilang ng mga mukha at anggulo.


- Lumulutas ng mga salitang suliran sa pagdadagdag at pagbabawas ng hindi hihigit sa 100
- Mahusay na nagdadagdag at nagbabawas ng hindi hihigit sa 20
- Nakakaalam sa lahat ng mga suma ng dalawang isang-digit na numero
- Nakakaunawa sa halaga ayon sa pwesto: isahan, sampuan at daan-daan
- Gumagamit ng halaga ayon sa pwesto upang magdagdag at magbawas ng hindi hihigit sa 1000
- Gumagawa ng mga makatwirang pagtatantya gamit ang kaalaman sa halaga
- Sumusukat, nagtatantya, at nagkukumpara ng mga haba gamit ang mga pamantayang yunit
- Naglalarawan ng mga haba ng buong numero sa linya ng numero
- Nagtatrabaho gamit ang oras at pera
- Nakakaalam sa ugnayan ng oras (mga minuto sa isang oras, mga araw sa isang buwan, atbp.)
- Lumulutas sa mga salitang suliranin gamit ang kombinasyon ng mga perang papel at barya
- Nangongolekta ng datos, bumubuo ng grap, at sumagot sa mga katanungan tungkol sa mga datos na ipinakita



Ano ang pinaka-karaniwang edad sa inyong klase?

Ano ang pinaka-hindi karaniwang edad sa inyong klase?

- Nakikilala ang mga hugis, mga tatsulok, mga kuwadrilateral, mga pentagon, mga heksagon, at mga cube
- Gumuguhit ng hugis ayon sa sukat ng mga anggulo o ayon sa bilang ng mga magkapantay na mukha




## Pangkalahatang Balangkas ng Ika-3 Baitang | Matematika

Ang mga estudyante sa ikatlong baitang ay bumubuo ng pang-unawa sa multiplikasyon at dibisyon at natututong mahusay na magmultiplika at maghati ng hindi hihigit sa 100. Ang mga estudyante ay inaasahan na kabisado mula sa alaala ang lahat ng sagot sa multiplikasyon ng dalawang isang-digit na mga numero sa pagtatapos ng ikatlong baitang. Ang pang-unawa sa halaga ayon sa pwesto ay ginagamit para sa maramihang-digit na pagkwenta at pagtanya. Ang mga praksyon ay ipinakikilala sa ikatlong baitang na may diin sa pag-unawa sa mga praksyon bilang mga numero at sa kanilang kaugnayang sukat at pwesto sa linya ng numero. Sa ikatlong baitang mauunawaan ng mga estudyante ang konsepto ng area at perimeter at paglutas ng mga suliranin gamit ang volume at mass ng likido.

- Lumulutas ng mga salitang suliranin sa multiplikasyon at dibisyon
- Nakakaunawa sa mga katangian ng multiplikasyon
  - Katangiang Napagpapalit (commutative) ng multiplikasyon:  
Kung alam mo na  $6 \times 4 = 24$ , alam mo na  $4 \times 6 = 24$ .
  - Nag-uugnay (Associative) na katangian ng multiplikasyon:  
 $3 \times 5 \times 2$  ay makikita sa pamamagitan ng  $3 \times 5 = 15$ , kung kaya't  $15 \times 2 = 30$ ,  
o sa pamamagitan ng  $5 \times 2 = 10$ , kung kaya't  $3 \times 10 = 30$ .
  - Katangiang Nagbaha-bahagi ng multiplikasyon:  
Kung  $8 \times 5 = 40$   
at  $8 \times 2 = 16$ ,  
kung kaya't ang  $8 \times 7$  ay  
 $8 \times (5 + 2)$   
 $(8 \times 5) + (8 \times 2)$   
 $40 + 16 = 56$ .
- Mahusay na nagmumultiplika at naghahati ng hindi hihigit sa 100
- Alam ang sagot sa lahat ng sagot sa multiplikasyon ng dalawang isang-digit na mga numero
- Lumulutas sa mga salitang suliranin gamit ang pagdadagdag, pagbabawas, multiplikasyon, at dibisyon
- Nakakaunawa na ang multiplikasyon at dibisyon ay magkaugnay


- Gumagamit sa halaga ayon sa pwesto upang buuin ang mga numero at nakakaalam sa halaga ng bawat digit sa isang apat na digit na numero
- Gumagamit ng halaga ayon sa pwesto upang lumutas ng maraming-digit na aritmetika
- Nakakaunawa sa mga praksyon bilang mga numero
- Nakakakilala ng simpleng mga kapantay na praksyon
- Nagkukumpara ng dalawang mga praksyon sa may parehong numerator o parehong denominator
- Nagsasabi at nagsusulat ng oras sa pinakamalapit na minuto
- Nagtatantya at nagsusukat ng oras, volume, at timbang
- Nakakaunawa sa area at perimeter
- Nakakaunawa na ang mga hugis sa iba't ibang kategorya ay maaari ring nasa mas malaking kategorya



## Pangkalahatang Balangkas ng Ika-4 na Baitang | Matematika

Ang mga nasa ikaapat na baitang ay gumagamit ng kanilang kaalaman sa halaga ayon sa pwesto upang magbigay-kabuuan hanggang 1,000,000 at natututo na magbigay-kabuuan ng mga maraming-digit na mga buong numero sa anumang pwesto. Mahusay silang nagdadagdag at nagbabawas gamit ang pamantayang algorithm at nagmumultiplika at naghahati gamit ang maraming-digit na mga numero. Ang mga nasa ikaapat na baitang ay nagpapalawig ng pang-unawa sa mga praksyon upang isama ang pagkapareho, pagkakasunod-sunod at simpleng mga notasyon sa desimal. Ang mga estudyante ay sumusukat ng anggulo at nag-uuri ng mga heometryang hugis ayon sa mga linya (magkahilera, perpendikular, atbp.) at mga anggulo (right, acute, obtuse, atbp.).


- Gumagamit ng pagdadagdag, pagbabawas, multiplikasyon, at dibisyon kasama ng mga buong numero upang lutasin ang salitang suliranin
- Natututo tungkol sa mga factors at multiples
  - Mga factors ng 24: 1, 2, 3, 4, 6, 8, 12
  - Mga multiples ng 4: 4, 8, 12, 16, 20
- Gumagawa at naglalarawan ng mga huwaran gamit ang mga bagay at mga numero
- Nakakaunawa at gumagamit ng halaga ayon sa pwesto upang magbigay-kabuuan hanggang 1,000,000
  - Pinahabang anyo:  $6783 = 6000 + 700 + 80 + 3$
- Nagkukwenta gamit ang mga maraming-digit na mga numero
- Lumulutas ng mga suliranin sa paggamit ng multiplikasyon ng maraming-digit sa pamamagitan ng dalawang-digit na mga numero
- Naghahati ng madaming-digit na mga numero sa pamamagitan ng isang-digit na divisor
- Nagbubuo ng maraming-digit na numero sa anumang pwesto
- Bumubuo ng pang-unawa sa mga kaparehong praksyon at pagkakasunod-sunod ng praksyon




- Nagkukumpara ng dalawang praksyon na may magkaibang mga numerator at magkaibang denominator sa pamamagitan ng paggawa ng parehong denominator



- Nagdadagdag at nagbabawas ng mga praksyon at mga magkahalong numero kasama ng mga magkatulad na denominator
- Nakakaunawa tungkol sa notasyon ng desimal para sa mga praksyon
- Nagkukumpara ng mga desimal
- Lumulutas ng suliranin gamit ang mga komberyson ng panukat
- Naglalatap ng mga pormula ng area at perimeter para sa mga parihaba
- Nagsasaayos at nagpapaliwanag ng mga datos gamit ang isang line plot
- Nakakaunawa at nagsusukat ng mga anggulo
- Gumuguhit at kinilala ang mga linya at mga anggulo
- Naglalarawan at nagbubukod ng mga hugis sa pamamagitan ng kanilang mga linya at anggulo



Anggulong  
Right



Magkahilerang mga linya

- Nakakakilala sa simetrya ng mga linya

## Pangkalahatang Balangkas ng Ika-5 Baitang | Matematika

Nilulubos ng mga estudyante ng ikalimang baitang ang kanilang kahusayan sa maramihang-digit na pagdadagdag, pagbabawas, multiplikasyon, at dibisyon. Ginagamit nila ang kanilang pang-unawa sa mga praksyon sa pagdadagdag at pagbabawas ng mga praksyon na may hindi-magkatulad na denominator, konsepto ng multiplikasyon at dibisyon ng praksyon, at pagdadagdag at pagbabawas ng desimal. Sinusuri nila ang mga huwarang numero at mga ugnayan at mga pagkakasunod-sunod ng pares sa grap sa isang coordinate plane. Ang mga mag-aaral ay bumubuo ng pang-unawa ng heometrya sa pamamagitan ng pagkilala sa mga katangian ng mga hugis na heometrikal at pagkwenta ng loob ng area ng anggulo at mga paralelogram.

- Nagsusulat at nagbibigay-kahulugan sa mga numerical na ekspresyon gamit ang mga saknong, panaklong o mga braces
  - “Pagsamahin ang 8 at 7, matapos ay imultiplika sa 2” ay  $2(8 + 7)$
- Nagpapahayag ng buong numero (2 – 50) bilang sagot sa multiplikasyon ng kanyang mga prime factor
- Naglalarawan ng mas kumplikadong mga huwaran sa pamamagitan ng pagtingin sa mga pagbabago

$$\begin{array}{l} 4 \} + 6 \\ 10 \} + 6 \\ 16 \} + 6 \\ 22 \} + 6 \\ 28 \} + 6 \\ 34 \} + 6 \\ 40 \} + 6 \\ 46 \} + 6 \\ 52 \} + 6 \end{array}$$

- Nakakaunawa sa sistemang halaga ayon sa pwesto mula sa ika-sanlibo hanggang sa milyun-milyon
- Mahusay na magmultiplika ng maraming digit na mga numero gamit ang pamantayang algorithm
- Naghahati ng maramihang-digit na mga numero sa pamamagitan ng dalawang-digit na mga divisor
- Nagbabasa, nagsusulat, at nagkukumpara ng mga desimal hanggang sa ika-sanlibo
- Nagbubuo ng mga desimal sa anumang pwesto
- Nagkakalkula ng maraming digit na mga buong numero at mga numero na may desimal hanggang sa ika-sandaan


$$\begin{array}{r} 423.12 \\ \times 8 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 8943.43 \\ +17.50 \\ \hline \end{array}$$

$$5 \sqrt{25.75}$$

$$100 - 42.11 =$$

- Nagdadagdag at nagbabawas ng mga praksyon na may hindi-magkatulad na denominator
- Nagmumultiplika ng mga praksyon at magkahalong mga numero
- Naghahati ng unit ng mga praksyon gamit ang buong numero at buong numero gamit ang yunit ng mga praksyon
- Nagsasalin ng mga sukat at ginagamit sa paglutas ng suliranin
  - $0.05 \text{ m} = 5 \text{ cm}$  o  $2.5 \text{ talampakan} = 30 \text{ pulgada}$
- Nagsasaayos at nagpapaliwanag ng datos gamit ang isang line plot
- Nakakaunawa at naghahanap sa volume ng hugis-parihabang prisma
- Nag-aanalisa ng mga huwaran na numero
- Nagga-grap sa mga puntos sa isang coordinate na grap



- Nagpapakita ng grap na may x at y axis na may ilang puntos na natatakan ng kanilang mga coordinate
- Nagbubukod ng dalawang-dimensiyunal na mga hugis sa mga kategorya batay sa kanilang mga katangian

## **Pangkalahatang Balangkas ng Ika-6 na Baitang | Matematika**

Ang mga estudyante ng ikaanim na baitang ay gumagamit ng kanilang kaalaman sa multiplikasyon at dibisyon upang lutasin ang mga suliranin sa panumbasan at sa rate. Nilulubos nila ang kanilang pang-unawa sa dibisyon ng mga praksyon at nagsisimulang pag-aralan ang mga negatibong integer. Nauunawaan nila ang paggamit ng mga variable sa mga matematikal na ekspresyon, sumulat ng mga ekspresyon at ekwasyon na nakaayon sa mga sitwasyon, at gumagamit ng mga ekspresyon at ekwasyon upang lutasin ang mga problema. Ang mga estudyante ay nagsisimulang mag-aral ng mga estatistiko at gumagamit ng kanilang mga pundasyon sa heometrya upang lutasin ang mga suliranin sa sukat, panlabas na sukat, at volume.


- Nakakaunawa sa konsepto ng panumbasan at gumagamit ng pagkakatwiran sa panumbasan upang lutasin ang mga suliranin
- Nakakaunawa sa rate ng yunit
- Naghahanap ng porsyento ng isang dami
- Naghahati ng mga praksyon gamit ang mga praksyon
- Mahusay na nagkukwenta ng mga numerong maraming digit at maraming digit na mga desimal
- Naghahanap ng mga karaniwang factors at multiples ng numero
- Naghahanap ng pinakamalaking karaniwang factor at ang pinakamaliit na karaniwang multiple ng dalawang buong numero
- Gumagamit ng pang-unawa sa positibong mga numero upang maunawaan ang mga rasyonal na numero
- Nakakaunawa sa mga positibo at negatibong integer at nagagawang maghanap sa isang apat-na-kwadranteng coordinate plane
- Nagsusunod-sunod sa mga rasyonal na numero
- Nakakaunawa sa lubos na halaga
- Gumagamit ng pang-unawa sa aritmetika upang lutasin ang mga isang variable na ekwasyon at mga hindi-pagkakapantay
- Sumusulat ng mga ekspresyon at ekwasyon upang maglarawan ng mga sitwasyong pantunay na buhay gamit ang mga variable
- Sumusulat at lumulutas ng mga ekwasyon gamit ang mga buong numerong exponent
- Sumusulat ng hindi-pagkakapantay upang ilarawan ang pantunay na buhay o matematikal na suliranin

- Naglalarawan at nagpapaliwanag sa ugnayan sa pagitan ng dependyente at independyenteng mga variable

Halimbawa, ang isang kotse ay bumibiyaha sa pirmihang bilis na 65 mph. Ilista at i-grap ang magkasunod na pares ng layo at oras. Isulat ang ekwasyon na  $d = 65t$  upang ipakita na ang layo ng biniyahe ( $d$ ) ay depende sa pirmihang bilis (65) na minultiplika sa oras na biniyahe.

$$d = 65t$$

t=oras	layo
1	65
2	130
1/2	32.5



- Lumulutas ng mga suliraning pantunay na buhay gamit ang area, panlabas na area, at volume
- Nagtatanong ng mga estatistikal na tanong (Gaano katanda ang mga estudyante sa aking paaralan?), nangongolekta at nagsasaayos ng mga datos sa isang plot line, grap, histogram, dot plot, box plot, atbp.
- Naglalarawan at nagsusuma ng mga datos sa pamamagitan ng pagpansin sa sentro, lapad, at kabuuang hugis
- Nagpapakita ng numerikal na datos sa isang linya ng numero kabilang ang dot plots, histograms, at box plots

## **Pangkalahatang Balangkas ng Ika-7 Baitang | Matematika**

Pinapalalim ng mga estudyante sa ikapitong baitang ang kanilang pang-unawa sa mga proporsyonal na ugnayan upang lutasin ang mga kumplikadong suliranin. Pinapalawig din nila ang kanilang pang-unawa sa mga rasyonal na numero upang isali ang pagkwenta (magdagdag, magbawas, magmultiplika, at maghati). Ang mga irasyonal na mga numero ay ipinapakilala rin sa ikapitong baitang. Ang mga pundasyon na algebraic ay sinasanay at pinapalawig. Patuloy na pinapalawig ng mga estudyante ang kanilang pang-unawa sa probabilidad at estatistika sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga populasyon batay sa paghahalimbawa, at nag-iimbestiga ng pagkakataon upang bumuo, gumamit at magtasa ng mga modelo ng probabilidad.

- Gumagamit ng proporsyonal na ugnayan upang lutasin ang mga maraming-hakbang na mga operasyon at mga suliranin sa porsyento
  - Kung ang isang tao ay naglalakad ng  $\frac{1}{2}$  milya sa bawat  $\frac{1}{4}$  na oras, ano ang kanyang bilis kada oras?
- Nagkukwenta ng mga rates ng yunit
- Nagdadagdag, nagbabawas, nagmumultiplika, at naghahati ng mga rasyonal na numero
- Nagsasalin ng mga praksyon sa mga decimal.
- Lumulutas ng mga suliraning may maramihang hakbang na may mga positibo at negatibong numero.
  - Ang temperatura ay  $-10$  digri sa 6:00 NG. Kung ang temperatura ay bababa ng 5 digri sa dalawang oras, ano ang temperatura sa 8:00 NG?
- Gumagamit ng mga katangian ng mga operasyon upang lumutas ng mga algebraic na ekwasyon
- Nagdadagdag, nagbabawas, nagpa-factor, at nagpapalawig ng mga linyar na ekspresyon
- Gumagamit ng mga variables para kumatawan ng mga numero sa mga suliraning pantunay na buhay.
- Bumubuo ng mga simpleng ekwasyon at hindi-pagkakapantay upang lumutas ng mga suliranin
- Gumuguhit, bumubuo, at naglalarawan ng mga heometryang pigura at naglalarawan sa ugnayan sa pagitan ng mga ito
- Lumulutas ng mga suliranin na may pagsukat ng anggulo, area, panlabas na area, at volume (mga silindro, kono, at globo)
- Lumulutas ng mga suliraning pantunay na buhay na may kinalaman sa volume ng mga silindro, kono, at mga globo.
- Nakakaalam sa mga pormula para sa sukat at circumference ng isang bilog
- Gumagamit ng mga katotohanan tungkol sa karagdagan, komplementaryo, bertikal at katabing mga anggulo upang malutas ang mga suliraning may maramihang hakbang.

- Gumagamit ng pasumalang paghahalingbawa upang ilarawan at ikumpara ang mga populasyon
- Naghahanap, nagkalkula, at nagpapaliwanag sa probabilidad ng isang nagkataong pangyayari
  - Halimbawa, kung ang isang mag-aaral ay napili mula sa isang klase, hanapin ang probabilidad na si Jane ay mapipili at ang probabilidad na isang babae ang mapipili
  - O kung ang 40% ng mga donor ay mayroong tipong A na dugo, ano ang probabilidad na aabutin ng hindi bababa sa 4 na donor upang makahanap ng isa na may tipong A na dugo?

## Pangkalahatang Balangkas ng Ika-8 Baitang | Matematika

Pinapalalim ng mga estudyante ng ikawalong baitang ang kanilang pang-unawa sa rasyonal at irasyonal na mga numero. Gamit ang alhebra, ang mga esudyante ay nagkukwenta ng mga radikal at exponents, lumulutas ng linyar na ekwasyon at tumutukoy, lumulutas, nagkukumpara at nagga-grap ng mga function. Sa heometrya, ang mga estudyante sa ikapitong baitang ay nakakaunawa at gumagamit ng Pythagorean Theorem at lumulutas ng mga suliranin na may mga volume ng silindro, kono, at globo.

- Nakakaunawa sa mga rasyonal at irasyonal na mga numero

Kilalanin ang bawat numero bilang rasyonal o irasyonal:

$\sqrt{18}$	irasyonal, dahil ang 18 ay hindi perpektong square
$\sqrt{64}$	rasyonal, dahil ang 64 ay perpektong square
$-\sqrt{47}$	irasyonal, dahil ang 47 ay hindi perpektong square
135.6	rasyonal, dahil ito ay nagwawakas na desimal
0.2525...	rasyonal, dahil ito ay umuulit na desimal
0.120120012...	irasyonal, dahil hindi ito nagwawakas o umuulit
$\Pi$	irasyonal, dahil hindi ito pwedeng ikatawan bilang $a/b$ , kung saan ang $a$ at $b$ ay mga integer

- Gumagamit ng mga radikal at integer na exponents
  - Halimbawa, tanyahin ang populasyon ng Estados Unidos bilang  $3 \times 10^8$  at ang populasyon ng mundo bilang  $7 \times 10^9$ , at alamin na ang populasyon ng mundo ay 20 beses na mas malaki.
- Nakakaunawa sa koneksyon sa pagitan ng mga proporsyonal na ugnayan, linya, at linyar na ekwasyon at magawang i-grap ang mga ito
- Nakakaunawa na ang rate ng yunit ng isang proporsyonal na ugnayan ay ang talibis ng grap
- Gumagamit ng mga parehong tatsulok upang ipaliwanag ang talibis at maunawaan ang  $y = mx + b$
- Nag-aanalisa at lumulutas sa mga linyar na ekwasyon na may isang variable at pares ng magkasabay na linyar na ekwasyon
- Nagbibigay-kahulugan, tumatasa, at nagkukumpara ang mga function
- Nakakaunawa na ang isang function ay isang patakaran at ang mga magkasunod na pares ay mga input at output
- Bumubuo at gumagamit ng mga functions upang imodelo ang mga ugnayan
- Nakakaunawa sa congruence at similarity
- Nakakaunawa, gumagamit at inaaplay ang Pythagorean Theorem



T11-407 – Tagalog – Arial font

36 pages

- Nag-iimbestiga ng mga huwaran ng mga pangkat ng datos
- Bumubuo at nagbibigay-kahulugan sa scatter plots
- Lumulutas sa mga suliranin na may mga volumes ng silindro, kono, at globo
- Bumubuo at nagbibigay-kahulugan sa scatter plots


## Pangkalahatang Balangkas ng Baitang K | Sining ng Wikang Ingles

Ang mga estudyante ng kindergarten ay natututo ng may pag-udyok at pagsuporta na makisalamuha sa panitikan o tekstong pang-kaalaman sa pamamagitan ng pagtatanong at pagsagot sa mga tanong at pagtukoy sa mga detalye at mga pangunahing pangyayari. Alam ng mga estudyante at kayang pangalanan ang lahat ng mga letra, at kayang sumulat ng maraming letra. Kaya nilang bumasa ng mga pangkaraniwang salita at gumuhit, magsabi o magsulat tungkol sa isang libro.

### Pagbabasa

Ng may pag-udyok at pagsuporta:

- Nagtatanong at sumasagot sa tanong tungkol sa napiling babasahin
- Kumikilala sa mga tauhan, tagpuan, at pangunahing pangyayari sa isang kwento
- Muling nagsasalaysay sa kwento, kabilang ang mga detalye



### Pagbasa: Pampundasyon na mga Kasanayan

- Nakakaunawa sa mga pangunahing katangian ng paglimbag
  - Mula kanan papuntang kaliwa
  - Mula itaas papuntang ibab
  - Pahina sa pahina
- Kumikilala at nagpapangalan ng lahat ng malaking titik at maliit na titik ng mga letra
- Kumikilala na ang sinasalitang mga salita ay binubuo ng mga pantig at tunog
- Kumikilala at nakakabuo ng mga magkarimang salita
- Nagsasama ng dalawa o tatlong tunog upang makabuo ng makikilalang salita
- Gumagamit ng ponetika sa pagbabasa ng mga salita
- Bumibigkas sa pinakamadalas na mga tunog para sa bawat katinig at patinig
- Bumabasa sa mga karaniwang madalas-mabanggit na mga salita sa pagtingin
  - Ang, ng, upang, ikaw, ay (the, of, to, you, is)

### Pagsulat

- Gumuguhit, nagsasalaysay, o nagsusulat tungkol sa isang libro
- Gumuguhit, nagsasalaysay, o nagsusulat tungkol mga pangyayari ayon sa pagkakasunod-sunod kung kailan nangyari ang mga ito


### Pagsasalita at Pakikinig

- Nakikilahok sa mga talakayan
  - Nakikinig sa iba
  - Sumasalit sa pagsasalita
- Sumusunod sa mga binigkas na panuntunan
- Nagtatanong at sumasagot ng mga tanong
- Naglalarawan ng mga tao, lugar, bagay, at pangyayari, na nagbibigay ng detalye

### Wika

- Nagsusulat ng maraming malalaking titik at maliliit na titik
- Gumagamit ng kapitalisasyon, pagbabantas, at pagbabaybay
- Nakakatukoy sa mga bagong kahulugan para sa mga pamilyar na salita

- Nakakaalam na ang *pato* (*duck*) ay isang ibon, at natututo sa anyong pandiwa ng *yumuko* (*to duck*)
- Nagbubukod sa mga karaniwang bagay sa mga kategorya
  - Mga hugis, pagkain



## Pangkalahatang Balangkas ng Unang Baitang | Sining ng Wikang Ingles

Ang mga estudyante sa unang baitang ay independyenteng nakikisalamuha sa mga panitikan o tekstong pang-kaalaman sa pamamagitan ng pagtatanong at pagsagot ng mga tanong at pagtukoy sa mga detalye at mga pangunahing pangyayari. Kaya nila na magbasa nang malakas ng tama at may ekspresyon. Ang mga estudyante sa unang baitang ay kayang magsulat ng lahat ng letra at kayang magsulat tungkol sa mga pangyayari, paksa, at kuro-kuro.

### Pagbasa

- Nagtatanong at sumasagot sa mga tanong tungkol sa mga detalye ng napiling babasahin
- Muling nagsasalaysay ng mga kwento, kabilang ang mga detalye
- Nagpapaliwanag sa pagkakaiba sa pagitan ng mga libro na nagsasalaysay ng kwento at mga libro na nagbibigay ng kaalaman
- May pag-uudyok at pagsuporta, bumabasa sa tekstong pang-kaalaman ng unang baitang

### Pagbasa: Pampundasyon na mga Kasanayan

- Nakakaunawa sa kaayusan at pangunahing katangian ng paglimbag
- Nakakakilala sa mga katangian ng isang pangungusap
  - Kapitalisasyon
  - Pagtatapos na pagbabantas
- Nakakaunawa sa mga sinasalitang salita, pantig, at mga tunog
- Nakakaunawa sa ponetika at pagsusuri ng salita
  - Nakakaalam na ang bawat pantig ay dapat na may isang tunog na patinig
- Regular na nagbabasa ng mga binabaybay na mga salitang may isa-o-dalawang pantig
- Nagbabasa nang malakas ng tama at may ekspresyon

### Pagsulat

- Nagsusulat ng mga komposisyon ng kuro-kuro na may kuro-kuro at dahilan para sa kuro-kuro
- Nagsusulat ng mga komposisyon na pang-kaalaman na nagpapangalan ng paksa, nagbibigay ng mga katotohanan at nagbibigay ng konklusyon
- Nagsusulat ng mga salaysay tungkol sa dalawa o higit pang mga pangyayari sa tamang pagkakasunod-sunod; kabilang na ang mga detalye

### Pagsasalita at Pakikinig

- Sumusunod sa mga panuntunan para sa mga talakayan sa pamamagitan ng pagbubuo sa kung ano ang sinasabi ng iba at sa pagtatanong ng mga tanong
- Sumusunod sa mga simpleng dalawang-hakbang na direksyon
- Nagsasalita ng mga kumpletong pangungusap

### Wika

- Gumagamit ng wastong balarila
- Nagsusulat ng lahat ng mga malaking titik at maliit na titik
- Gumagamit ng tamang kapitalisasyon, pagbabantas, at pagbabaybay
- Inaalam ang kahulugan ng mga hindi alam na salita sa pamamagitan ng pagtingin sa mga bahagi ng salita at sa ibang mga salita sa pangungusap
- Nagbukod-bukod ng mga salita sa mga kategorya at binibigyang kahulugan ang mga salita sa pamamagitan ng mga mahalagang katangian
  - Ang tigre ay isang malaking pusa na may mga guhit



## Pangkalahatang Balangkas ng Ika-2 Baitang | Sining ng Wikang Ingles

Ang mga estudyante sa ikalawang baitang ay mahusay na nakakapagbasa at nakakaunawa ng mga panitikan at tekstong kaalaman. Gumagamit sila ng tamang balarila, kapitalisasyon, pagbabantas, at pagbabaybay. Kaya nilang magplano at magbigay ng presentasyon tungkol sa kwento o karanasan.

### Pagbasa

- Muling nagsasalaysay ng mga katutubong-kwento, kabilang ang isang pangsentrong aral
- Nagpapaliwanag kung paaano ginagamit ng may-akda ang mga dahilan upang suportahan ang mga partikular na puntos sa isang teksto
- Kumikilala sa pangunahing paksa at pokus
- Nagbabasa at nakakaunawa sa mga panitikan at tekstong pang-kaalaman

### Pagbasa: Pampundasyon na mga Kasanayan

- Nakakaalam at gumagamit ng mga ponetika at kasanayan sa pagsusuri ng salita
  - Nagbabasa ng mga salita na may mga karaniwang unlapi at hulapi (hal., *re\_*, *un\_*, *\_less*)
- Nakakakilala sa mahaba at maikling mga patinig
- Regular na nagbabasa ng mga salitang ibinabaybay na dalawang pantig na may mga mahabang patinig
- Nagbabasa nang tama at may pang-unawa

### Pagsulat


- Nagsusulat ng mga komposisyon ng kuro-kuro na nag-uugnay ng kuro-kuro at mga dahilan gamit ang mga nagdudugtong na salita
  - Dahil, at, rin
- Nagsusulat ng mga komposisyon na pang-kaalaman na nagbibigay ng paksa, mga katotohanan, depinisyon, at konklusyon
- Nagsusulat ng mga komposisyon ng salaysay na may detalye upang maglarawan ng mga kilos, kaisipan, at damdamin
- Gumagawa ng panulat na buo, may pokus at maayos
- Sumusulat nang regular sa pinahabang ibinigay na oras at sa maikling ibinigay na oras

### Pagsasalita at Pakikinig

- Nakikilahok sa mga talakayan kasama ng mga kaibigan at nakakatanda sa maliit o malaking grupo
- Inaalala at inilalarawan ang mga pangunahing ideya at mga detalye mula sa anuman na binasa nang malakas
- Nagbibigay at sumusunod sa tatlo at apat na hakbang na pasalitang direksyon
- Nagpapalano at nagbibigay ng isang presentasyon tungkol sa kwento o karanasan

### Wilka

- Gumagamit ng tamang balarila
- Gumagawa ng mga mababasang dokumento gamit ang malinaw na pagsusulat
- Gumagamit ng tamang kapitalisasyon, pagbabantas, at pagbabaybay
- Gumagamit ng iba't ibang paraan upang malaman ang kahulugan ng salita
- Gumagamit ng mga indibidwal na salita upang malaman ang kahulugan ng mga salitang tambalan, na pinagsama upang bumuo ng bagong salita



## **Pangkalahatang Balangkas ng Ika-3 Baitang | Sining ng Wikang Ingles**

Ang mga estudyante sa ikatlong baitang ay nakikisalamuha sa panitikan at tekstong pang-kaalaman sa pamamagitan ng pagkukumpara at paghahambing ng mga kwento, pagtalakay ng isang pananaw at pagkumpara nito sa pananaw ng may-akda, at paglalarawan ng serye ng mga pangyayari, ideya, o konsepto. Kasabay ng kanilang pagbabasa, ang mga panulat ng estudyante ng ikatlong baitang ay mas sopistikado. Ang mga estudyante ay nakakagawa ng buo, may pokus, maayos, at naiwastong gawa. Sa pagsusulat ng mga komposisyong nagbibigay-kaalaman, naglalagay sila ng mga tsart at grap at nagbibigay ng mga katotohanan.

### **Pagbasa**

- Naglalarawan kung paanong ang mga kilos ng mga tauhan ay nakakaapekto sa mga pangyayari
- Nagkukumpara at naghahambing ng mga kwento
- Mag-isang nagbabasa at nakakaunawa sa mga panitikan na nasa antas-ng-baitang
- Naglalarawan ng mga serye ng pangyayari, ideya, o konsepto
- Tumatalakay ng isang pananaw at ikinukumpara ito sa pananaw ng may-akda

### **Pagbasa: Pampundasyon na mga Kasanayan**

- Gumagamit ng mga antas-ng-baitang na ponetika at kasanayan sa pag-aanalisa ng salita
  - Nagbabasa ng mga salita na may madaming pantig, hal., mosquito, puppeteer
- Alamin ang mga kahulugan ng mga pinakakaraniwang unlapi at hulapi
- Nagbabasa nang tama at may pag-unawa

### **Pagsulat**

- Nagsusulat ng mga komposisyon ng kuro-kuro na may tsart o grap at isinusulat ang mga dahilan sa pagsuporta sa kuro-kuro
- Nagsusulat ng mga komposisyon na pang-kaalaman na nagpapakita ng paksa, mga katotohanan, at gumagamit ng mga nagdudugtong na salita at parirala
- Nagsusulat ng mga komposisyon na pang-kaalaman na nagpapakilala sa tagapagsalaysay at mga tauhan, at nagsusulat tungkol sa kung ano ang sinasabi, iniisip at nararamdaman ng mga tauhan
- Gumagawa ng panulat na buo, may pokus, maayos at naiwasto

### **Pagsasalita at Pakikinig**

- Sumusunod sa mga panuntunan para sa mga talakayan sa pamamagitan ng pagbubuo sa kung ano ang sinasabi ng iba
- Inaalala ang mga ideya at detalye mula sa anuman na binasa nang malakas
- Nagpaplano at nagbibigay ng isang pang-kaalamang presentasyon
- Nagsasalita nang malinaw at sa kumpletong mga pangungusap

### **Wika**

- Gumagamit ng tamang balarila
- Malinaw na nagsusulat nang dikit-dikit o magkadugtong na italiko; gumagamit ng mga palugit at pagitan
- Pumipili ng mga salita at parirala para sa epekto
- Gumagamit ng iba't ibang uri ng pangungusap
- Ginagawang malalaking titik ang mga angkop na salita
- Tamang nagdadagdag ng mga hulapi sa mga batayang salita
  - Sitting, smiled cries
- Nakakakilala sa pagkakaiba sa pagitan ng nabigkas at nakasulat na pamantayan na Ingles

## Pangkalahatang Balangkas ng Ika-4 na Baitang | Sining ng Wikang Ingles

Ang mga estudyante sa ikaapat na baitang ay nagbabasa ng mga mas mahahabang salita at gumagamit ng mga salitang-ugat, unlapi, at hulapi upang alamin ang mga kahulugan ng mga hindi kilalang salita. Gumagamit sila ng mga detalye at mga halimbawa upang malaman ang pangunahing ideya at upang maglarawan ng tauhan, tagpuan, o pangyayari. Ang mga estudyante ay gumagawa ng mga sulatin na buo, may pokus, maayos, at naiwasto. Pinagsasama nila ang may kaugnayang mga ideya sa mga talata at seksyon, at nagbibigay ng konklusyon. Alam ng mga estudyante sa ikaapat na baitang kung kailan gagamitin ang pormal na Ingles, at kung kailan ang di-pormal na Ingles ay angkop.

### Pagbasa

- Gumagamit ng mga detalye at halimbawa sa mga teksto upang malaman ang pangunahing ideya at upang maglarawan ng tauhan, tagpuan, o kaganapan
- Gumagamit ng mga istilo ng pagsasalaysay sa unang panauhan (hal., *Sinabi ko*) at pangatlong panauhan (hal., *Sinabi niya*)
- Nagbabasa at nakakaunawa sa panitikan at tekstong pang-kaalaman

### Pagbasa: Pampundasyon na mga Kasanayan

- Gumagamit ng ponetika sa antas ng baitang at kasanayan sa pagsusuri ng salita
  - Mga salitang-ugat, unlapi, at hulapi
- Nagbabasa ng mga salitang may maraming pantig
- Nagbabasa nang tama at may pag-unawa

### Pagsusulat

- Nagsusulat ng mga komposisyon ng kuro-kuro na may konklusyon na may kaugnayan sa kuro-kuro
- Nagsusulat ng mga komposisyon na nagbibigay-kaalaman na nagpangkat-pangkat sa grupo ng mga may kaugnayang ideya sa mga talata at seksyon, at nagbibigay ng konklusyon
- Nagsusulat ng mga salaysay na nagpapakilala sa tagapagsalaysay at sa mga tauhan; nagsusulat ukol sa kung ano ang sinasabi, nararamdaman, at iniisip ng mga tauhan, gumamit ng mga pandamang detalye
  - Pangingin, tunog, amoy
- Gumawa ng panulat na buo, may pokus, maayos, at naiwasto
- Nagsusulat ng maikling komposisyon ng pananaliksik

### Pagsasalita at Pakikinig

- Nakikilahok sa mga talakayan, isinasagawa ang mga itinalagang tungkulin
- Ibinibigay sa ibang pangungusap ang mga bahagi ng mga impormasyon na ipinresenta nang malakas
- Nagpapalano at nagbibigay ng isang presentasyon batay sa personal na karanasan
- Nagsasalita nang malinaw, sa kumpletong mga pangungusap, at sa angkop na bilis

### Wika

- Gumagamit ng tamang balarila
- Gumamit ng mga kumpletong pangungusap
- Gumagamit nang wasto sa kadalasang nakakalitong salita
  - To, two, too
  - There, their, they're
- Gumagamit ng tamang kapitalisasyon, pagbabantas, at pagbabaybay
- Nagbabaybay nang tama sa mga salita sa antas-ng-baitang
- Nakakaalam kung kailan gagamitin ang pormal na Ingles at kung kailan ang di-pormal na Ingles ay angkop

## Pangkalahatang Balangkas ng Ika-5 Baitang | Sining ng Wikang Ingles

Hinuhubog ng mga estudyante sa ikalimang baitang ang kanilang abilidad na magbasa ng mga mas mahabang salita, gumagamit ng mga salitang-ugat, unlapi, at hulapi upang malaman ang kahulugan ng mga hindi kilalang salita. Ipinapaliwanag ng mga estudyante kung paanong sinusupportahan ng may-akda ang mga punto sa isang teksto. Ginagamit nila nang tama ang mga panipi tuwing tumutukoy sa teksto. Nasa isip ng mga estudyante ang mga nakikinig/mambabasa at may malinaw na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tuwing nagsusulat. Ang mga estudyante ay nakikinig sa tagapagsalita o pinagmumulan na media at tinutukoy ang mga dahilan at katibayan na ibinigay upang suportahan ang mga partikular na puntos. Nakikilala nila at natatalakay ang mga nakakalitong ideya.

### Pagbasa

- Nakakapanipi nang tama sa tuwing tutukoy sa teksto
- Nalalaman ang pangunahing ideya at ibuod ang teksto
- Nagkukumpara at naghahambing ng mga teksto
- Nagpapaliwanag kung paano ginamit ng may-akda ang mga dahilan at katibayan upang suportahan ang kanyang mga punto sa isang teksto

### Pagbasa: Pampundasyon na mga Kasanayan

- Gumamit ng ponetika sa antas ng baitang at kasanayan sa pagsusuri ng salita
  - Mga ugat, unlapi, at hulapi
- Nagbabasa nang tama at matatas

### Pagsulat

- Nagsusulat ng mga komposisyon ng kuro-kuro na sumusuporta sa pananaw gamit ang mga dahilan at impormasyon
- Nagsusulat ng mga tekstong pang-kaalaman na nagbabahagi ng mga ideya o impormasyon
- Nagsusulat ng mga salaysay na gumagamit ng kaugnay na naglalarawan na mga detalye at malinaw na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari
- Nagsusulat nang malinaw at may layunin; isinasaisip ang mga mambabasa
- Gumagamit ng teknolohiya upang mailathala ang naisulat; nagtitipa ng dalawang pahina sa isang upuan

### Pagsasalita at Pakikinig

- Nagbubuod ng impormasyong naipresenta
- Inaalam ang mga dahilan at katibayan na ibinigay ng tagapagsalita o pinagmumulan na media upang suportahan ang partikular na puntos
- Inaalam at tinatalakay ang mga nakakalitong ideya
- Nagpapalano at nagbibigay ng talumpati
- Nagbibigkas ng memoryadong tula o seksyon ng isang talumpati
- Gumagamit ng ekspresyon at mga pagkumpas

### Wika

- Gumagamit ng tamang balarila
- Gumagamit ng panahunan ng pandiwa nang tama
  - Kahapon ako ay *naglakad*
  - Ngayon ako ay *naglalakad*
  - Bukas ako ay *maglalakad*
- Gumagamit ng tamang kapitalisasyon, pagbabantas, at pagbabaybay
- Gumagamit ng bantas upang ihiwalay ang mga bagay sa isang serye/listahan
- Gumagamit ng pagsasalungguhit, panipi, o italiko sa pamagat
- Iniiba ang haba at istilo ng pangungusap
- Ikinukumpara at inihahambing ng mga istilong ginamit sa panitikan
- Gumagamit ng iba't ibang paraan upang malaman ang kahulugan ng mga hindi alam na salita



## **Pangkalahatang Balangkas ng Ika-6 na Baitang | Sining ng Wikang Ingles**

Ang mga estudyante sa ikaanim na baitang ay nakakapagbigay ng buod ng binasa ng walang mga personal na kuro-kuro o paghuhusga. Nagsusulat sila ng iba't ibang komposisyon, kabilang na ang mga proyekto ng pananaliksik at gumagamit ng teknolohiya upang maglathala ng mga ginawa. Sa pagpresenta, inilalagay ng mga estudyante sa lohikal na pagkakasunod-sunod ang mga paglalarawan, katotohanan, at detalye.

### **Pagbasa**

- Inaalam ang pangunahing ideya at ang mga sumusuportang detalye
- Nagbibigay ng buod ng walang mga personal na kuro-kuro o paghuhusga
- Inaalam kung paanong ang balangkas ng teksto ay nakakaapekto sa pangunahing ideya
- Inaalam ang pananaw ng may-akda
- Nagpapaliwanag kung paanong ang pananaw ng tagapagsalaysay o tagapagsalita ay nabuo
- Kinikilala ang pagkakaiba sa katotohanan, kuro-kuro, may dahilan na pasya, at haka-haka sa isang teksto
- Nagbabasa at nakakaintindi sa pampanitikan sa antas ng baitang at hindi kathang-isip na mga teksto

### **Pagsusulat**

- Nagsusulat ng argumento upang sumuporta sa mga pahayag nang may malinaw na mga dahilan at kaugnay na katibayan
- Nagsusulat ng mga tekstong nagbibigay-kaalaman na sumusuri sa isang paksa at naghahatid ng mga ideya
- Nagsusulat ng mga salaysay na may mga makabuluhang paglalarawan ng mga detalye at may maayos na balangkas ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari
- Nagsasagawa ng mga maikling proyekto ng pananaliksik at muling ibinabaling ang tuon ng pagsisiyasat kung kinakailangan
- Gumagamit ng teknolohiya upang gumawa at mailathala ang sinulat; nagtitipa ng tatlong pahina sa isang upuan

### **Pagsasalita at Pakikinig**

- Nakikilahok sa mga talakayan, sa parehong isa-sa-isa at kasama sa isang grupo
- Naghahanap ng mga pahayag na sinusuportahan ng mga dahilan at katibayan sa argumento ng tagapagsalita
- Nagpaplano at nagbibigay ng presentasyong pang-kaalaman
- Inilalagay ang mga paglalarawan, katotohanan, at mga detalye sa lohikal na pagkakasunod-sunod kung nagpipresenta

### **Wika**

- Gumagamit ng tamang balarila at wika
- Gumagamit ng tamang kapitalisasyon, pagbabantas, at pagbabaybay
- Gumagamit ng iba't ibang paraan upang malaman ang kahulugan ng mga hindi alam na salita
- Nakikilala ang kaibahan ng mga salitang may pare-parehong kahulugan
  - Kuripot, ekonomikal, matipid

## **Pangkalahatang Balangkas ng Ika-7 Baitang | Sining ng Wikang Ingles**

Ang mga estudyante sa ikapitong baitang ay nagbabasa at nakakaunawa ng antas-ng-baitang na hindi-kathambuhay na panitikan. Sila ay nagkukumpara at naghahambing ng kathambuhay at makasaysayang salaysay. Ang mga estudyante ay sumusulat din ng iba't ibang komposisyon, gumagawa ng maayos na mga argumento para sumuporta sa mga pahayag. Kung sumusulat ng mga proyektong pampananaliksik, ang mga estudyante ay kumukolekta ng dagdag na mga katanungan para sa karagdagang pananaliksik. Gumagamit sila ng pagtingin sa mata, tamang lakas ng boses, at malinaw na pagbigkas habang nagpipresenta.

### **Pagbasa**

- Ipinapaliwanag ang sinasabi ng teksto at bumuo ng mga konklusyon
- Inaalam ang mga pangunahing ideya sa teksto at kung paano sila nabuo
- Inaanalisa kung paano hinubog ng mga elemento o tagpuan ang balangkas ng kwento
- Inaanalisa kung paano binuo at sinalungat ng may-akda ang kanyang pananaw sa mga tauhan o sa tagapagsalaysay
- Sinusuri ang balangkas ng teksto
  - Mga grapika, panimula, at pamagat
- Ikinukumpara at inihahambing ng mga kathambuhay at makasaysayang salaysay
- Tinatasa ang lawak kung saan ang pangangatwiran at mga katibayan sa teksto ay sumusuporta sa mga pahayag ng may-akda
- Binabasa at nauunawaan ang panitikan sa antas ng baitang at di-kathambuhay na mga teksto

### **Pagsulat**

- Nagsusulat ng argumento upang sumuporta sa mga pahayag nang may malinaw na mga dahilan at kaugnay na katibayan
- Nagsusulat ng mga tekstong nagbibigay-kaalaman na sumusuri sa isang paksa at naghahatid ng mga ideya
- Nagsusulat ng mga salaysay na may mga makabuluhang paglalarawan ng mga detalye at may maayos na balangkas ng pagkakasunod-sunod ng mga kaganapan
- Nagsasagawa ng mga proyektong pampananaliksik at ipakita ang pang-unawa sa paksa na iniimbestigahan
- Gumagamit ng teknolohiya upang gumawa at maglathala ng isinulat; isinasama ang mga pinagsanggunian at ang mga link sa pinagkuhanan

### **Pagsasalita at Pakikinig**

- Nakikilahok sa mga talakayan, sa parehong isa-sa-isa at kasama sa isang grupo
- Tinatasa ang pangangatwiran at kaugnayan ng mga katibayan na ginawa sa argumento ng tagapagsalita
- Pinaplano at ipinipresenta ang argumento
- Gumagamit ng pagtingin sa mata, tamang lakas ng boses, at malinaw na pagbigkas habang nagpipresenta

### **Wika**

- Gumagamit ng tamang balarila at wika
- Gumagamit ng tamang kapitalisasyon, pagbabantas, at pagbabaybay
- Gumagamit ng iba't ibang paraan upang malaman ang kahulugan ng mga hindi alam na salita
- Gumagamit ng kaugnayan sa pagitan ng mga salita upang mas maunawaan ang mga salita
  - Kasingkahulugan: salitang pareho ang kahulugan
  - Kasalungat: salitang salungat ang kahulugan

## **Pangkalahatang Balangkas ng Ika-8 Baitang | Sining ng Wikang Ingles**

Ang mga estudyante sa ikawalong baitang ay malubos na nakikisalamuha sa panitikan at mga tekstong pang-kaalaman. Gumagamit sila ng ebidensya mula sa seleksyon upang suriin ang pananaw ng tauhan at kung paano ginamit ng may-akda ang dayalogo. Ang mga estudyante ay nagbabanggit ng mga katibayan mula sa teksto upang suportahan ang kanilang mga pagsusuri ng teksto at matukoy kung paanong nakakatulong ang balangkas sa kabuluhan at istilo ng bawat teksto. Sa pagsusulat, ang mga estudyante ay nagpapakita ng mga ugnayan sa gitna ng mga karanasan at pangyayari.

### **Pagbasa**

- Gumagamit ng katibayan tuwing magbibigay ng konklusyon mula sa binasa
- Inaalam ang tema at ang kaugnayan sa mga tauhan, tagpuan, at balangkas
- Sinusuri kung paano nakakaapekto ang dayalogo sa kahihinatnan ng teksto
- Nalalaman kung paano nakakatulong ang balangkas sa kabuluhan at istilo ng bawat teksto
- Inaanalisa kung paanong ang pananaw ng mga tauhan at ng mambabasa ay nakakabuo ng epektong gaya ng pananabik o katatawanan
- Nalalaman ang tugon ng may-akda sa mga magkakasalungat na pananaw
- Tasahan ang saligan o pagpapalagay ng may-akda sa pamamagitan ng pagpapatotoo o paghamon sa mga konklusyon gamit ang ibang mga makukuhang impormasyon
- Nagbabasa at nauunawaan ang panitikan na nasa antas ng baitang at mga teksto na di-kathambuhay

### **Pagsulat**

- Sumusulat ng mga argumento upang sumuporta sa mga pahayag na may malinaw na mga katwiran at may kaugnayang katibayan
- Sumusulat ng mga tekstong nagbibigay-kaalaman na sumusuri sa paksa at naghahatid ng mga ideya
- Sumusulat ng mga salaysay na nagpapakita ng kaugnayan sa pagitan ng mga karanasan at kaganapan
- Nagsasagawa ng mga proyektong pampananaliksik at ipinapakita ang pang-unawa sa paksa na iniimbestigahan
- Gumagamit ng teknolohiya upang gumawa at maglathala ng isinulat at ipakita ang kaugnayan sa pagitan ng impormasyon at mga ideya

### **Pagsasalita at Pakikinig**

- Nakikilahok sa mga talakayang isa-sa-isa at kasama sa isang grupo
- Inaalam ang mga walang kaugnayan na mga katibayan na ginamit sa pahayag ng tagapagsalita
- Nagpapalano at magpresenta ng salaysay
- Gumagamit ng pagtingin sa mata, tamang lakas ng boses, at malinaw na pagbigkas habang nagpipresenta

### **Wika**

- Gumagamit ng tamang balarila at wika
- Gumagamit ng tamang kapitalisasyon, pagbabantas, at pagbabaybay

- Gumagamit ng iba't ibang paraan upang malaman ang kahulugan ng mga hindi alam na salita
- Nagbibigay-kahulugan sa mga talinghaga
  - Salitang pambabaliktad
  - Mga salitang nabibigyan ng ibang kahulugan

***[NOTE TO LOCAL EDUCATIONAL AGENCIES (LEAS): As a form of assistance to LEAs, the California Department of Education (CDE) offers this translation free of charge. Because there can be variations in translation, the CDE recommends that LEAs confer with local translators to determine any need for additions or modifications, including the addition of local contact information or local data, or modifications in language to suit the needs of specific language groups in the local community. If you have comments or questions regarding the translation, please e-mail the Clearinghouse for Multilingual Documents (CMD) at [cmd@cde.ca.gov](mailto:cmd@cde.ca.gov).]***